INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

# PAGGAMIT NG CHATGPT SA KASANAYANG PAGSULAT SA ASIGNATURANG FILIPINO NG MGA MAG-AAAL SA KOLEHIYO

**DOI: 10.5281/zenodo.15849286**

**VIRGIE M. GETALADA**
Mag-aaral, Graduate School of Eduation, University of the Visayas
ORCID: 0009-0007-7681-4384
maragovirgie@gmail.com

**MIRAFLOR I. SALDUA, DALC-FILIPINO (Cand.)**
Propesor, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0000-0002-9067-0184
salduamiraflor@gmail.com

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa karanasan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng pribadong paaralan ng Colegio de San Antonio de Padua. Sa panahon ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, nagbabago rin ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa larangan ng pagsulat, layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng Filipino, kasabay nito upang malaman kung may kaugnayan ba ang paggamit ng ChatGPT sa kanilang kasanayan sa pagsulat at pagkatuto. Dahil isa sa mga kasalukuyang ginagamit na kasangkapan ngayon ng kabataan at pati na rin ng mga guro ang ChatGPT, isang artificial intelligence chatbot na tumutulong sa pagbuo at pag-edit ng teksto. Ang disensyong ginamit ng mananaliksik ay kwantitatibong metodolohiya na nakaangkla sa teoryang Technology Acceptance Model (TAM) ni Fred Davis, gamit ang likert scale na talatanungan upang tukuyin ang antas ng paggamit ng ChatGPT sa kasanayang pagsulat sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral. Ipinapakita mula sa resulta na bagama't nakatutulong ang ChatGPT sa pagpapadali ng proseso ng pagsulat, may mga panganib itong dala gaya ng labis na pag-asa at kakulangan sa orihinalidad ng kanilang akda. Inirerekomenda ng pag-aaral ang responsableng paggamit ng teknolohiya upang mapanatili at mapalago ang kasanayang pagsulat ng mga mg-aaral.

***Mga Susing Salita:*** ChatGPT, Artificial Intelligence, akademikong pagganap, Filipino, Technology Acceptance Model (TAM), Likert Scale

**PANIMULA**

Sa mabilis na pag-usbong ng makabagong panahon, umusbong din sa kasalukuyan ang mabilis na paggamit at pagtangkilik ng mga makabagong teknolohiya. Hindi maikakaila na may malaking papel na ginagampanan ang mga kagamitang teknolohikal sa pang-araw-araw na buhay ng tao, naging mas malawak ang papel na ginagampanan ng ChatGPT isang Artificial Intelligence (AI) na kagamitan sa iba't ibang aspekto ng buhay ng tao, kabilang na ang edukasyon. Isa sa mga pinakagamitin at pinag-uusapang teknolohiya sa panahong ito ay ang ChatGPT — isang AI chatbot na may kakayahang makabuo ng teksto, tumugon sa mga tanong, at tumulong sa pagsasaayos ng mga sulatin sa paraang halos kahalintulad ng pagsulat ng tao. Dahil dito, naging popular ito sa mga mag-aaral bilang kasangkapan sa paggawa ng mga sanaysay, liham, talumpati, at iba pang uri ng akademikong sulatin.

Gayunman, sa kabila ng potensyal ng ChatGPT bilang tulong sa paglinang ng ideya at pag-edit ng teksto, lumilitaw ang mga tanong hinggil sa epekto nito sa tunay na kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral. Maaaring maging dahilan ito ng labis na pag-asa ng mga mag-aaral sa teknolohiya sa halip na paunlarin ang sariling kakayahan sa pagsusulat. Sa kasalukuyan, kakaunti pa lamang ang mga lokal na pananaliksik na tumatalakay sa aktuwal na epekto ng paggamit ng ChatGPT sa akademikong pagsulat, partikular sa konteksto ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa Pilipinas.

Bukod pa rito ay napapadali rin nito ang pamumuhay ng tao tungo sa kaunlaran. Bawat henerasyon ay may pagpapahalaga sa naiaambag ng teknolohiya sa pang-araw-araw na gawain ng mga tao lalong-lalo na ang pagpapadali at pagpapabilis sa pagkalat o paghatid ng impormasyon sa isang bansa, at sa komunidad. Sa pag-aaral ni Gamboa sa kanyang pag-aaral na "Paggamit ng Milenyong Wika sa Pagsulat ng Sanaysay". Nakita na ang gamit ng teknolohiya ay nagbibigay ng mga bagong salita tulad na lamang ng wikang milenyo at pinoyslang (sumibol o umusbong na salita) ang kadalasang bukambibig at ginagamit sa kanilang kathang sanaysay, ang mga ito ay bae, werpa, petmalu, lodi, bes, pabebe, vaklang too, arat, beast mode, ninja moves, walwalan, eme-eme, poreber, e di wow, have at waley. Natuklasan din sa isinagawang pag-aaral na may mga ilang mag-aaral ang gumagamit ng Taglish (pinaghalong Tagalog at English) sa kanilang kathang sanaysay upang mailahad ang kanilang matinding ekspresyon. Para naman kay Abadilla, isang mananalaysay, ang salitang sanaysay ay isang nakasulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay. Ito ay nagmula sa salita na sanay at pagsasalaysay.

Sa isang senaryo na nakikita ko sa aking mga mag-aaral nakikita ko na sila ay nahihirapan magsalita ng lenggwaheng Filipino, ngunit bakit naging mahusay sila sa pagdating sa kasanayang pagsulat? Dito ko nalaman na

gumamit sila ng isang teknolohiya na Artificial Intelligence (AI) na tinatawag na ChatGPT na kung saan ito ang naging katuwang o sandigan nila pag may pinagawa ako na kasanayan, kaya't naisipan kung ito ang gusto kung paksang pag-aralan sa aking gawing pananaliksik.

Gayunpaman, kasabay ng mga benepisyong ito ay ang mga usaping may kaugnayan sa epekto ng labis o hindi angkop na paggamit ng teknolohiya, lalo na sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Lumalabas sa ilang pag-aaral na maaaring makaapekto ang pagkakalantad sa teknolohiya sa konsentrasyon, oras ng pag-aaral, at kalaunan ay sa kanilang kasanayan sa pagsulat.

Ang teknolohiya ay hindi lamang gumaganap na papel sa mga teknikal na kasanayan kundi pati na rin ang mga kritikal na kasanayan para sa tagumpay sa edukasyon (Tan 2024). Ang teknolohiyang pang-edukasyon ay nagbibigay ng mga pagkakataon para mapadali, mapabilis at mapahusay ang gawain. Ang paglahok ng digital na teknolohiya ay may positibong epekto sa mga resulta ng pagkatuto ng mag-aaral (Tingnan ang et., al 2022).

Sinabi ni Chavez (2022), ang pagsasanay na nakatuon sa mag-aaral ay isa sa mga pangunahing paraan nang pagtuturo sa kasalukuyang panahon. Mahalaga ang paggamit ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik at ang kanilang kasanayan sa paggamit ng mga teknolohiya na maaaring magsilbing kasangkapan sa kanilang proseso ng pag-aaral ng panitikan at wika.

Sa taong 2022, ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ng Pilipinas ay patuloy na nangunguna sa pagsusulong ng paggamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon. Sinusuportahan ng DepEd ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo upang mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral at mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Ilan sa mga layunin nito ay ang pagpapabuti sa landas ng edukasyon, pagpapalawak ng pagkatuto, at paghahanda sa mga mag-aaral para sa hinaharap.

May mga pondo at programa na inilalaan ang DepEd para sa pagpapabuti ng kagamitan at pasilidad, kabilang na ang mga makabagong teknolohiyang magagamit sa pagtuturo. Gayunpaman, nakatuon ang mga programang pasanayan para sa mga guro upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang mga ganitong hakbang ay bahagi nang patuloy na pagsusumikap ng DepEd na mapalawak ang edukasyon sa Pilipinas at mapaghandaan ang mga hamon ng modernisasyon.

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin kung paano ginamit ng mga mag-aaral sa kolehiyo ang ChatGPT sa kanilang mga kasanayang pagsulat at tukuyin kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Nilalayon din nitong alamin kung ang paggamit ng ChatGPT ay nagsisilbing kasangkapan sa pagkatuto o nagiging hadlang sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at orihinalidad sa pagsulat. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapagbibigay ang pananaliksik ng mas malalim na pag-unawa sa mga implikasyon ng paggamit ng AI sa larangan ng edukasyon, at makapagbigay ng rekomendasyon ukol sa tamang paggamit ng nito sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat.

**Batayang Teoretikal**


Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa dalawang teoryang Technology Acceptance Model (TAM) at Unified Theory of Acceptance and Use of Technology (UTAUT) ni Venkatesh, na magsisilbing batayan ng kasalukuyang pag-aaral.

Technology Acceptance Model 5 (TAM) na inilathala ni Fred Davis taong 1989 ay naglalayong maunawaan kung papaano tinatanggap o tinatangkilik ng mga tao ang paggamit ng teknolohiya na kung saan patuloy itong gagamitin ng mga tao kung ito ay mahalaga at malaki ang naitutulong sa kanila. Sinasabing mas gumagamit ang isang tao ng teknolohiya kung ito ay madaling gamitin. Upang ang isang teknolohiya ay patuloy na gamitin kinakailangan muna itong makita kung gaano ito kadaling magamit, kung ito ba ay hindi kumplikado gamitin sa pagtuturo, at kung ito ba ay may malaking pakinabang sa tao. Ang modelong ito ay higit na napatunayan sa pamamagitan ng mga makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pinaghihinalaang pagiging kapaki- pakinabang, pinaghihinalaang kadalian ng paggamit, at intensyon at pag-uugali ng paggamit. Sa pag-aaral na ito ang Technology Acceptance Model ay ang magbibigay suporta na ang pagtanggap at pagtangkilik sa teknolohiya ay may malaking gampanin sa pagkatuto ng isang tao. Kung kaya't sa pagbuo ng isang kagamitang panturong teknikal ay mahalaga at kailangan munang tanggapin at tangkilikin ang paggamit ng mga teknolohiya sapagkat dito mas mahihikayat na matututo ang isang tao. Mapadadali ang paggamit ng kagamitang teknikal sa pagbuo ng kagamitang panturo kung may karanasan na ang isang tao sa mga teknolohiya sa kung papaano ito gamitin at sa kung papaano nito mas mapapahusay ang kaniyang bubuoing kagamitang panturo.

Kabilang sa sumusuporta ay ang teoryang Unified Theory of Acceptance and Use of Technology (UTAUT) ni Venkatesh na ang layunin ay maipaliwanag ang intensyon ng gumagamit sa paggamit ng ICT at mga kasunod na gawi ng mga gumagamit nito at ang The Cattell-Horn-Carroll (CHC) theory of cognitive abilities na ang kung saan ito ay ekstensibong ginagamit bilang pundasyon upang piliin, ayusin at bigyang kahulugan ang mga pagsubok sa katalinuhan at kognitibong kakayahan. Napili ng mananaliksik ang mga nasabing teorya at modelo upang malaman at makuha ang mga katanungang nais masagot sa pananaliksik na ito. Magsisilbi rin itong pundasyon at sandigan para maisakatuparan at mabuo ang isang makabuluhang resulta. Matutukoy ang kahandaan ng mga guro sa pagsanib ng teknolohiya sa kani-kanilang pagtuturo. Kasama sa isang ganap na pagkatuto ang kinakailangang gawi ng isang guro para sa implementasyon ng teknolohiya at pagsanib nito sa kanyang pagtuturo at pagkakatuto.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 


**Pigura 1.**
*Technology Acceptance Model* (TAM)




Ayon naman sa teoryang *Unified Theory of Acceptance and Use of Technology (*UTAUT) na humigit-kumulang isang dekada na ang nakalilipas, pinagsama ni Venkatesh, Morris, Davis, at Davis (2003) ang mga modelong ito sa pinag-isang teorya ng pagtanggap at paggamit ng teknolohiya (UTAUT). Tinutukoy ng UTAUT ang apat na pangunahing salik (ibig sabihin, inaasahan ng pagganap, inaasahan ng pagsisikap, impluwensya sa lipunan, at mga kundisyong nagbibigay-daan) at apat na moderator (ibig sabihin, edad, kasarian, karanasan, at pagiging kusang-loob) na nauugnay sa paghula ng intensyong pang-asal na gumamit ng teknolohiya at aktwal na paggamit ng teknolohiya lalo na sa mga konteksto ng organisasyon. Ayon sa UTAUT, ang pag-asa sa pagganap, pag-asa sa pagsisikap, at impluwensyang panlipunan ay pinag-isipan at napag-alaman na nakakaimpluwensya sa intensyon ng pag-uugali na gumamit ng isang teknolohiya, habang ang intensyon sa pag-uugali at mga kundisyon sa pagpapadali ay tumutukoy sa paggamit ng teknolohiya.

Bukod dito, ang iba't ibang mga kumbinasyon ng apat na mga moderator ay na-teorya at natagpuan na nagmo-moderate ng iba't ibang mga relasyon sa UTAUT. Sa longitudinal field studies ng pagtanggap ng mga empleyado sa teknolohiya, ipinaliwanag ng UTAUT ang porsiyento ng pagkakaiba-iba sa intensyon ng pag-uugali na gumamit ng teknolohiya at porsiyento ng pagkakaiba-iba sa paggamit ng teknolohiya. Kamakailan, iminungkahi at sinubukan ni Venkatesh, Thong, at Xu (2012) ang UTAUT, na nagsasama ng mga bagong konstruksyon (i.e., hedonic na motibasyon, halaga ng presyo, at ugali) na tumutuon sa mga bagong teoretikal na mekanismo (tingnan ang Bagozzi, 2007; Benbasat & Barki, 2007; 2007; konteksto ng consumer. Ipinaliwanag ng UTAUT ang porsiyento ng pagkakaiba-iba sa intensiyon ng pag-uugali ng mga mamimili na gumamit ng teknolohiya at porsiyento ng pagkakaiba-iba sa paggamit ng teknolohiya ng mga mamimili.

**Pigura 2.**
*Unified Theory of Acceptance and Use of Technology* (UTAUT)




Bagama't itinuturing ng pananaliksik na naabot ng UTAUT ang praktikal na limitasyon nito sa pagpapaliwanag ng indibidwal na pagtanggap ng teknolohiya at paggamit ng mga desisyon sa mga organisasyon (Venkatesh et al., 2003), ang pananaliksik na nakabase sa UTAUT ay umunlad (Venkatesh et al., 2012). Sa partikular, inilapat ng pananaliksik ang UTAUT gaya ng dati, inilapat ito kasama ng iba pang mga teorya, o pinalawak ito upang pag-aralan ang iba't ibang mga teknolohiya sa parehong mga setting ng organisasyon at hindi pang-organisasyon.

Ang patuloy na paglago ng pananaliksik na nakabatay sa UTAUT ay bahagyang bumangon dahil sa paglaganap at pagsasabog ng mga bagong IT—tulad ng mga enterprise system (Sykes, 2015; Sykes, Venkatesh, & Johnson, 2014), teknolohiya ng pakikipagtulungan sa mga kumpanyang may kaalaman (hal., Brown, Dennis, & Venkatesh, 2010), mobile phone. Xu, Hong, & Tam, 2011; Venkatesh et al., 2012), agile IS (Hong, Thong, Chasalow, & Dhillon, 2011), e-government para sa mga mamamayan (Chan, Thong, Venkatesh, Brown, Hu, & Tam, 2010), at health IS sa industriya ng healthcare, & Venhang. 2011) sa mga organisasyon at lipunan. Natagos na ng IT ang halos lahat ng aspeto ng lipunan, at ginagamit na ito ng iba't ibang indibidwal sa iba't ibang konteksto. Habang ang nakalipas na dekada ay nakabuo ng malaking bilang ng mga bagong IT at nauugnay na pag-aaral batay sa UTAUT, sa pagsusuri ng literatura, nalaman namin na ang disiplina ng IS ay nasa isang sangang-daan patungkol sa kung ano ang hinaharap para sa UTAUT at, sa partikular, ang mga posibleng teoretikal na kontribusyon mula sa karagdagang pananaliksik sa pagtanggap at paggamit ng teknolohiya.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay upang malaman ang paggamit ng ChatGPT sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Ano kaya ang impluwensya sa paggamit ng teknolohiya para sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Tinitiyak sa pananaliksik na ito na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga tagatugon sa mga sumusunod na konstrukto:
   1.1 tinatayang pakinabanang (perceived usefulness);
   1.2 tinatayang kadalian sa paggamit (perceive ease of use);
   1.3 Intensyon ng pag-uugali na gumamit (behavioral intention to use);
   1.4 Saloobin (attitude); at
   1.5 aktwal na paggamit (actual use).
   1.6. epektibidad ng paggamit (effective use).
2. Mayroon bang mahalagang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng ChatGPT at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa asignaturang Filipino?
3. Batay sa mga natuklasan, anong gabay na balangkas ang maaaring imungkahi?

**Paglalahad ng Palagay**

Ho1: Walang kaugnayan ang tinatayang pakinabanang sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral.

Ho2: Walang kaugnayan ang tinatayang kadalian sa paggamit ng ChatGPT sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral.

Ho3: Walang kaugnayan ang saloobin sa intensyon ng pag-uugali na gumamit ng ChatGPT sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral.

Ho4: Walang kaugnayan ang aktwal na paggamit ng ChatGPT sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral.

Ho5: Walang kaugnayan ang epektibidad sa paggamit ng ChatGPT sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay pinaniwalaan na makabuluhan para malaman ang ugnayan ng paggamit ng ChatGPT sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Nahihikayat ang mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito upang malaman ang ugnayan sa paggamit ng ChatGPT sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na kung saan ang mga kabataan ngayon ay nakadepende na sa paggamit nito sa paggawa ng mga aktibidad nila sa paaralan.

Magiging batayan din ng iba pang mananaliksik na naglalayong magsasagawa ng may mas malalimang pag-aaral ukol sa paggamit ng teknolohiya sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa paggamit ng teknolohiya sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga respondente ay ang mga mag-aaral sa paaralan ng Colegio de San Antonio de Padua, na kung saan pipiliin lamang ang mga mag-aaral. Pipili lamang ang mga mananaliksik ng dalawampung mag-aaral sa bawat departamento ng paaralan tulad ng mag-aaral sa kriminolohiya, tagapangalaga, inhinyero, at iba pa. Ipinapalagay na ang mga natuklasan ay magbibigay ng mahahalagang impormasyon sa mga guro at administrador ng edukasyon sa pangkalahatan kung mayroong impluwensya sa pagkakalantad ng teknolohiya sa kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Ang makikinabang sa pananaliksik na ito ay ang mga sumusunod:

**Mga Guro.** Ang pananaliksik na ito ay makakatulong sa mga guro na malaman kung may mahalagang kalalabasan ba sa kasanayan ng mga mag-aaral ang paggamit ng teknolohiya, na maaaring makakatulong sa kanilang mga pangagailangan araw-araw sa loob ng paaralan lalong lalo na sa mga aktibidad na ipinapagawa ng guro na sumusubok sa kanilang mga kasanayan.

**Mga Mag-aaral.** Magbibigay ito ng paliwanag sa mga mag-aaral tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang uri ng teknolohiya para sa kanilang pagkatuto at kung meron ba itong impluwensya sa pagpapaunlad ng kanilang pag-aaral. Maaari silang pumili ng teknolohiya na kung saan ito ay kapaki-pakinabang para mas mapadali ang kanilang pagkatuto sa mga aralin at aktibidad na ipinagawa ng kanilang guro. At nakapagbibigay din ito ng kagalakan sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kinabukasan.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

**Stakeholders.** Maari itong magsisilbing batayan para sa mga alituntunin at programang naglalayong gamitin ang teknolohiya para sa pagpapabuti sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Makikita din nila ang kakulangan sa pangangailangan ng mga mag-aaral para mapabuti ang pagkatuto. Ito rin ay makakatulong upang palakasin ang kasanayan ng mga mag-aaral, na siyang magpapalaganap ng pagpapahalaga at pagpapalawig ng Filipino sa edukasyon.

**Sa mga Mananaliksik sa Hinaharap**. Ang aming pananaliksik ay magsisilbing gabay upang kung sakaling ang kanilang paksa ay kauri nitong pag – aaral ay may mapagkukunan sila ng mga kaugnay ng literatura at karagdagang kaalaman.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *descriptive correlational* na pag-aaral. Ginamit ang kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral upang matuklasan ang mga salik sa pagtanggap ng paggamit ng teknolohiya sa kasanayan ng pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng kolehiyo ng Colegio de San Antonio de Padua, Guinsay Danao, City. Ang mga pamantayan para sa pagpili ng mga kalahok na mag-aaral ay *random sampling*. Ang mga kalahok ay pinili ayon sa pamantayang sila ba ay aktibong gumamit ng teknolohiya sa kanilang pag-aaral at ito ay isinailalim sa isang talatanungan. Lahat ng mga prosesong ito ay layuning makuha ang pangunahing resulta ng mananaliksik.

Ang ginawang pag-aaral ay descriptive correlation na pananaliksik. Dekriptibo upang ilarawan ang paggamit ng mga kagamitang teknolohiya sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

### Kaligiran ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay ginawa sa paaralan ng Colegio de San Antonio de Padua (CSAP) na isang pribado na paaralan sa Lungsod ng Danao, Cebu. Ito ay itinatag noong 2004 sa pamamagitan ng pagsisikap ng mga opisyal ng probinsiya at ilan pang residente ng Danao. Ang paaralan ay unang nag-alok ng mga programang pang-degree sa Nursing, Midwifery, at Teacher Education. Sa kalaunan, ang mga programa sa Criminology, Business, Information Technology, at Engineering ay idinagdag sa listahan ng mga kurso sa kolehiyo. Noong 2012, nakipag-ugnayan ang CSAP sa Lasallian Schools Supervision Association, Inc. (LASSAI), na tumulong sa pamamahala ng kolehiyo. Ang CSAP ay kasalukuyang may pinangangasiwaang antas ng pagsubok.

Ang CSAP ay binuo, lumago, at na-recapital upang sumunod sa mga layunin nito na sumulong dito pasilidad, akademya, ugnayan, at pangangasiwa. Nasa pinakamataas ang katayuan ng pagpapatala kahit na sa panahon ng pandemya. Tumaas ang enrollment sa halos apat na raang libo 4,000. Dahil sa lumalaking populasyon nito, naging masalimuot ang komunidad sa kabuuan. Ginagawa itong mas mapaghamong silid para sa reporma at makabagong ideya para pagsilbihan ang mga hinihingi ng mga kliyente - upang maglingkod nang mas mahusay.

Ang mga respondente sa pananaliksik na ito ay mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral sa kolehiyo, may hustong edad, may wastong pag-iisip, malusog at malakas, handang lumahok at pipirma sa isang gagawing kasulatan sa pananaliksik ng Colegio de San Antonio de Padua na matatagpuan sa Guinsay, Danao, City. Meron walumpong kabuuan na quota sample ng mga respondente na kung saan apatnapung babae at apatnapung lalaki na pantay na hinahati.

Kasama sa pananaliksik na ito ang mga mag-aaral na kasalukuyang naka-enroll sa Asignaturang Filipino sa napiling paaralan o institusyon sa panahon ng pagsasagawa ng pag-aaral. Isasama lamang ang mga mag-aaral na may regular na akses o gumagamit ng teknolohiya gaya ng smartphone, tablet, laptop, o desktop computer, at aktibong gumagamit ng mga ito sa kanilang mga gawaing pagsulat gaya ng paggawa ng sanaysay, liham, o iba pang akademikong sulatin. Kailangan ding handa ang mga kalahok na boluntaryong lumahok sa pananaliksik at magbigay ng kanilang pahintulot, at kung sila ay menor de edad, kinakailangan ang pahintulot mula sa magulang o tagapag-alaga.

Hindi isasama sa pag-aaral ang mga mag-aaral na hindi naka-enroll sa Asignaturang Filipino sa panahon ng pananaliksik, gayundin ang mga walang sapat na akses o hindi gumagamit ng teknolohiya sa kanilang pagsulat. Hindi rin isasali ang mga tumangging lumahok o hindi nagsumite ng pahintulot. Bukod dito, hindi rin kabilang sa pag-aaral ang mga mag-aaral na may espesyal na kondisyong pisikal o mental na maaaring makaapekto sa kanilang paggamit ng teknolohiya sa pagsulat, kung hindi ito saklaw ng layunin ng pananaliksik. Sa wakas, hindi rin kasali ang mga mag-aaral mula sa ibang asignatura o larangan na wala sa sakop ng asignaturang Filipino.

Ang pananaliksik ay gunamit ng *Random Sampling* para madaling makuha ng mananaliksik ang mga kalahok sa malawak na saklaw ng mag-aaral sa Kolehiyo ng Colegio de San Antonio de Padua. Nakakatulong ito na matiyak na ang sample ay kinatawan ng mas malaking populasyon, pinapaliit ang bias at nagbibigay-daan para sa mas tumpak na mga hinuha na iguguhit tungkol sa buong pangkat. Sa pamamagitan ng pagbuo nang apat na grupo na mula sa mag-aaral sa ika-unang antas na kumukuha at kasalukuyang nag-aaral ng asignaturang Filipino, kukuha ang mananaliksik ng kabuoang walumpung (80) kalahok, apatnapung (40) kalahok na babae at apat na pong (40) lalaki mula sa magkaibang programa.

Talahanayan 1

*Datos ng mga Tagatugon*

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

| Respondente | Babae | Lalaki | Frequency (f) | Bahagdan (%) |
|---|---|---|---|---|
| 1st yr Criminology | 10 | 10 | 20 | 25% |
| 1st yr Nursing | 10 | 10 | 20 | 25% |
| 1st yr Engineering | 10 | 10 | 20 | 25% |
| 1st yr Education | 10 | 10 | 20 | 25% |
| Kabuuan | 40 | 40 | 80 | 100% |

**Instrumentong Gagamitin**

Upang makuha ang datos mula sa mga tugon ng mag-aaral, gagamitin at imodipika ng mananaliksik ang talatanungan mula sa pag-aaral nina Hadi, Nur & Mohamad, Faizah & Md Johar, Elia & abdul kadir, Zaemah. (2024) na pinamagatang Exploring the Acceptance of ChatGPT as an Assisting Tool in Academic Writing among ESL Undergraduate. Isang talatanungan ang gagamitin bilang instrumento sa pananaliksik.

Mayroon itong 25 na tanong na inangkop mula kay Hadi et al. (2024) at minodipika ng mananaliksik. Ang mga tanong na ito ay sarado at binigyan ng marka sa isang 5-point Likert scale (1 = Lubos na Hindi Sumasang-ayon hanggang 5 = Lubos na Sumasang-ayon). Gumamit ang mga mananaliksik ng close-ended na talatanungan upang mapataas ang posibilidad ng pagkuha ng kanais-nais na mga resulta (Mohajan, 2020). Ang talatanungan ay may limang (5) bahagi na kinabibilangan ng: tinatayang pakinabanang, tinatayang kadalian sa paggamit, intensyon ng pag-uugali na gumamit, saloobin at aktwal na paggamit teknolohiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa akademikong pagsulat.

Ayon kay Hadi et al., (2024) ang validity bilang ang lawak kung saan ang isang instrumento ng pagsukat ay tumpak at angkop na sumusukat sa kung ano ang dapat nitong sukatin ayon sa mga layunin ng pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, humingi ang mga mananaliksik ng opinyon ng mga eksperto upang mapatunayan ang instrumento sa pagsukat ng mga layuning baryabol. Kumonsulta rin sila sa isang tagapayo na dalubhasa sa metodolohiya ng pananaliksik at pag-aaral ng teknolohiya sa pagsusuri ng binagong instrumento sa mga tuntunin ng nilalaman, sukat, at pagiging angkop nito sa mga layunin ng pag-aaral Ang katatagan at pagkakapare-pareho ng isang kasangkapan na ginagamit upang sukatin ang isang phenomenon sa paglipas ng panahon ay kilala bilang pagiging maaasahan (Hadi, et al., 2024).

**Pangangalap ng Datos**

**Pre-Data Gathering.** Ginamit sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na paraan: Bago sinimulan ang pananaliksik, una ay gumawa muna ng liham ang mananaliksik na humihingi ng pahintulot mula sa mga awtorisadong tao para sa pangangalap ng mga datos. Tulad ng mga sumusunod, magsubmite ng record of proceedings at linagdaang Compliance Cheklist. Ihanda ang mga transmittal letters na may lagda ng Dean at stakeholders, IMRAD, REC forms, instrumentong gagamitin sa pananaliksik, consent form, at adviser’s CV o bionote. Kung maaprobahan ng Research Specialist ay maglabas ito ng Endorsement Letter na isumite kasama sa nabanggit na dokumento sa itaas sa UV-REC. Antayin ang COA (Certificate of Agreement) ng UV-REC at ang paglabas ng Notice to Proceed (NTP). Hihingi at susulat ng liham ang mananaliksik na humihingi ng pahintulot mula sa dekana ng nasabing paaralan. Ang liham ay nagbigay ng paliwanag tungkol sa layunin at dahilan ng pananaliksik.

**Actual Data Gathering.** Pagkatapos ng unang hakbang, susundan ito ng pangalawa, babati muna at pagkatapos ay hihingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga respondente sa pamamagitan ng pagbabasa ng liham na may lagda ng awtorisadong tao. Binibigyang karapatan ang respondente na pumili ng sasagutang tanong na naaayon sa kanyang kagustuhan, kasabay ng paghingi ng pahintulot sa respondente sa gagawing pagrekord ng panayam at may karapatan siyang magreklamo kung may di kanais nais sa mga tanong. Magpapasalamat ang mananaliksik sa respondente pagkatapos ng gawain, higit sa lahat walang ibibigay na anumang bagay na kapalit sa hinihinging pabor.

**Post Data Gathering.** Pagkatapos ng pangangalap ng datos ay sisiguraduhin ng mananaliksik na maitago ang mga nakalap na impormasyon maselan man o sensitibong kasagutan na galing sa mga respondente at walang ibang makakaalam ng resulta kundi ang mananaliksik lamang. Kung ano man mga kasagutang makalap ay rerespetuhin at mananatiling kompidensyal, lilikumin para sa pagpapatibay ng pag-aaral at kukunin ang pinal na natuklasan mula sa mga nakalap na datos. Ang mga nasagutang talatanungan mula sa pakikinayam ay inilalagay sa kabinet ng mananaliksik sa loob ng isang taon.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang pananaliksik na ito ay ibinabatay sa paglalarawan nina Zulfikar at Bhaskar (2018) ang pagsusuri ng datos bilangsistematikong paggamit ng mga estadistikal o lohikal na kasangkapan upang mapahusayang pag-unawa at pananaw sa datos na sinusuri. Ang nakolektang datos ay sinuri gamitang deskriptibo at inferensyal na estadistika sa pamamagitan ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) bersyon 29, at ang antas ng kahalagahan ay itinakda sa 0.05. Una, ang dalas ng mga pamamahagi ay ginamit upang ilarawan ang demograpikong background ng mga respondente, samantalang ang mga descriptive statistics ay ginamit upang matukoy ang saklaw ng paggamit

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


ng teknolohiya sa akademikong pagsulat, na nakatuon sa pagiging kapaki-pakinabang nito, kadalian ng paggamit, mga saloobin, mga intensyon sa pag-uugali, aktwal na paggamit nito sa mga kasanayan sa pagsulat.

Ang stepwise multiple regressions ay ginamit upang suriin ang pinaka-nakakaambag nabaryabol upang mahulaan ang intensyon ng mga estudyante at aktwal na paggamit ng teknolohiya sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Gagamitin din ang Pearson correlation coefficient (r) na pinakakaraniwang paraan ng pagsukat ng linear correlation. Ito ay isang numero sa pagitan ng –1 at 1 na sumusukat sa lakas at direksyon ng relasyon sa pagitan ng dalawang variable na impluwensya sa paggamit ng teknolohiya at ang epekto nito sa kasanayan ng mga mag-aaral.

**Etikong Konsiderasyon**

Ang pag-aaral ay ginawa alinsunod sa mga alituntunin na nakasaad sa Deklarasyon ng Helsinki (World Medical Association, 2013). Ang pag-apruba ay nakuha mula sa Research and Ethics Committee ng University of the Visayas, na may Reference No. *2025-0268* na may petsang *ika-03 ng Hunyo 2025*. Bukod dito, ang pag-aaral ay kinasasangkutan ng mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral sa paaralan ng Colegio de San Antonio De Padua. Bago kumpletuhin ang mga talatanungan, makakatanggap ang mga kalahok ng isang liham ng pahintulot na naglalaman ng layunin ng pag-aaral, mga pamamaraan, mga panganib at benepisyo, mga hakbang para sa pagiging kompidensyal, boluntaryong pakikilahok, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Walang ibibigay na pinansyal na insentibo para sa pakikilahok. Ang mga may-akda ay nagdedeklara ng walang mga salungat na interes.

Sa pagsunod sa mga etikal na kasanayan sa pananaliksik, lahat ng kalahok ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang papel dito sa pamamagitan ng malinaw at maikling mga liham ng pahintulot; ang paglahok ay boluntaryo, at magkakaroon ng opsyon ang mga kalahok na tumanggi sa pag-aaral anumang oras nang hindi nahaharap sa anumang negatibong konsekwensya. Bukod pa dito, titiyakin ng pag-aaral na mapanatili ang pagiging kompidensyal ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagpapanitiling kompidensyal ng anumang mga sagot at pagprotekta sa data mula sa hindi awtorisadong pag-akses. Alinsunod sa mga etikal na kasanayan sa pananaliksik, lahat ng kalahok ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang papel dito sa pamamagitan ng malinaw at maikling mga pormularyo ng pahintulot; ang paglahok ay magiging boluntaryo, at magkakaroon ang mga kalahok ng opsyon na umatras mula sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang negatibong kahihinatnan. Bukod dito, bilang isang guro at mananaliksik, papanatilihin ang kaligtasan ng mga mag-aaral mula sa anumang posibleng pinsala o panganib na maaaring mangyari sa panahon ng proseso ng pananaliksik.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay nagtatanghal ng mga resulta ng mga natuklasan sa ginagawang pag-aaral. Ipinapakita sa pag-aaral ang interpretasyon, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga nakalap na datos mula sa ginawang sarbey ng mga respondente. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay ginamit bilang batayan para sa mga iminungkahing kagamitan sa pag-aaral. Inilahad ang mga datos sa paraan ng talahanayan, nasuri at binigyang kahulugan sa isang paraan ng pagsasalaysay. Ang malinaw na pag-iingat ay ipinatupad upang maiwasan ang paghahalo ng impormasyon at napatunayan ng mananaliksik ang lahat ng impormasyon na ipinasok sa talahanayan upang matiyak ang reyalibidad nito.

**Antas ng Paggamit ng ChatGPT ng mga Mag-aaral**

Ang anim na talahanayan ay naglalahad ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap sa ginawang pananaliksik ukol sa paggamit ng ChatGPT sa akademikong pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang presentasyon ng datos ay nakatuon sa iba't ibang aspeto ng karanasan ng mga kalahok: tinatayang pakinabang, kadalian sa paggamit, saloobin, intensyon ng pag-uugali, aktwal na paggamit, at epektibidad ng ChatGPT bilang kasangkapan sa pagsulat.

Talahanayan 2
Gamit ng ChatGPT sa iba't ibang Konstrukto

| Indicators | Mean | SD | Description |
|---|---|---|---|
| **Tinatayang pakinabang ng ChatGPT** | 4.11 | 0.89 | Mataas |
| **Tinatayang kadalian sa paggamit ng ChatGPT** | 4.22 | 0.75 | Napakataas |
| **Saloobin tungo sa paggamit ng ChatGPT** | 3.97 | 0.80 | Napakataas |
| **Intensyon ng pag-uugali na gumagamit ng ChatGPT** | 3.77 | 0.98 | Napakataas |
| **Aktwal na paggamit ng ChatGPT** | 3.82 | 0.93 | Mataas |
| **Epektibidad ng paggamit ng mga mag-aaral sa ChatGPT** | 4.09 | 0.95 | Mataas |
| **Total** | **3.99** | **0.88** | **Katamtaman** |

Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakita na ang tinatayang kadalian sa paggamit, saloobin tungo sa paggamit, at intensyon sa paggamit ay pawang nasa antas na napakataas. Ipinahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may postibong pananaw, bukas sa paggamit at may planong patuloy na gamitin ang ChatGPT sa kanilang pag-

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


aaral. Ayon sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Fred Davis ay may mahalagang papel ito sa pagtanggap ng teknolohiya. Sinuportahan din ito sa pag-aaral ni (Gonzalez, 2022) ang ChatGPT ay katulad ng mga awtomatikong serbisyo ng chat na matatagpuan sa mga website ng serbisyo sa gumagamit, dahil maaring tanungin ito ng mga tao o humiling ng paglilinaw sa mga sagot ng ChatGPT. AngChatGPTaynangangahulugang"Generativepre-trainedTransformer"na tumutukoy sa kung paano pinoproseso ng ChatGPT ang mga kahilingan at paggawa ng mga tugon.

Samantala, sa kabuuang pagsusuri, lumitaw na ang nasa katamtamang antas, na nangangahulugang may kaunting pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral subalit nananatili ang pagkakapareho ng opinion sa karamihan ng mga indikasyon. Ayon kay (Arya,2023) ang ChatGPT ay maaring mahawakan ang maraming mga gumagamit ng sabay sabay, na kapaki-pakinabang para sa mga aplikasyon na may mataas na pakikipag-ugnayan sa gumagamit. Ang ChatGPT ay may malaking tulong sa atin ngunit inaabuso na ito dahil sa kanyang kakayahan na makapagsagot sa kahit anong tanong at nakakapagliwanag sa atin sa mga hindi natin naiintindihan kaya lahat nalang ng mga tanong ay inaasa sa ChatGPT lalo na sa mga mag-aaral na umaasa na lamang sa ChatGPT ngunit hindi naman alam kung paano gamitin ng wasto ito.

Bukod dito, ang nakakuha naman ng mataas na antas ay nagpapahiwatig na ang ChatGPT ay kinikilala bilang kapaki-pakinabang, mabisang kasangkapan, at aktwal na nagamit ng mga mag-aaral. Ayon kina Kasneci (2023) at Tang et. al, ang ChatGPT ay nakatulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat, pag-unawa sa akda, at pagsagawa ng mga akademikong gawain. Pinatunayan ng mga datos na ang paggamit ng ChatGPT ay hindi lamang madaling gawin, kundi epektibong naipatupad sa aktwal na konteksto ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinapahiwatig ng resulta na may malaking potensyal ang ChatGPT bilang suporta sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng Filipino, lalo na sa larangan ng akademikong pagsusulat. Maaaring isaalang-alang ng mga guro at tagapamahala ng kurikulum ang integrasyon ng paggamit ng AI-based na mga kasangkapan gaya ng ChatGPT sa mga asignatura sa Filipino upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Gayundin, mahalagang bigyang-pansin ang pagbibigay ng sapat na gabay sa tamang paggamit ng teknolohiya upang mapanatili ang orihinalidad at kalidad ng gawa ng mga mag-aaral. Sa pag-unlad ng ganitong mga kasangkapan, mahalaga ring isulong ang kritikal na pag-iisip at etikal na paggamit ng AI upang hindi lamang umasa sa teknolohiya kundi gamitin ito bilang katuwang sa pagkatuto.

**Kasanayang Pasulat sa mga Mag-aaral sa Wikang Filipino**

Sa pag-aaral na ito, layuning tuklasin ang antas ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino at matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan upang makapagbigay ng angkop na suporta sa kanilang pag-unlad bilang mabisang manunulat sa sariling wika.

**Talahanayan 3**

*Kakayahan Pasulat ng mga mag-aaral sa  Wikang Filipino*

| Level | Frequency | Percentage | Mean | SD | Description |
|---|---|---|---|---|---|
| Outstanding | 39 | | | | |
| Above Average | 20 | | 26.27 | 3.78 | Very Sarisfactory |
| Average | 11 | | | | |
| Below Average | 10 | | | | |
| | | | | | |

*Legend: 28-30=Namumukod Tangi, 25-27=Lubos na Kasiya-siya,*
*22-24=Kasiya-siya; below -21=Di-gaanong Kasiya-siya*

Ayon sa ipinahayag na impormasyon, makikita na ang pinakamalaking bahagi ng mga estudyante ay may "Lubos na Kasiya-siyang" antas ng kasanayang pasulat sa Wikang Filipino. Ito ay nagpapakita na, sa kabuuan, maganda ang kanilang kakayahan sa pagsusulat lalo na sa pag-aayos ng mga ideya, paggamit ng wika, at pagpapahayag ng emosyon o pag-iisip. May ilang estudyante rin na nasa kategoryang "Namumukod tangi" at "Kasiya-siya," na nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman at pag-unawa sa mga pamamaraan at estratehiya ng masining at malinaw na pagsulat. Gayunpaman, may ilang mag-aaral na nasa "Karaniwan" at "Di-gaanong Kasiya-siya" na antas, na nangangahulugang may ilan pa ring nangangailangan ng masusing tulong at interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

Ipinapakita ng mga resulta ang magandang kalagayan ng kasanayang pasulat ng mga mag-aaral, ngunit nagdadala rin ito ng hamon sa mga guro at tagapagpatupad ng kurikulum na ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga programang pampalakas at pagpapayaman ng kakayahan sa pagsulat. Mahalaga ring isaalang-alang ang mga mag-aaral na may mababang antas ng kakayahan upang mabigyan sila ng nararapat na tulong tulad ng isahang pagtuturo, paggawa ng mga pasanayan sa pagsusulat, at karagdagang pagkakataon sa aktwal na pagsusulat. Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang pagtuturo ng pagsulat sa Wikang Filipino ay nararapat maging mas inklusibo, makabago, at tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


**Kaugnayan ng Pananaw at Kasanayan**

Sa pag-aaral ng pag-unlad ng isang indibidwal, mahalagang maunawaan ang ugnayan ng pananaw at kasanayan. Ang *pananaw* ay tumutukoy sa paraan ng pag-iisip, paniniwala, at pagtingin ng isang tao sa isang sitwasyon o konsepto, samantalang ang *kasanayan* ay ang konkretong kakayahang maisagawa ang isang gawain nang epektibo. Sa konteksto ng edukasyon, trabaho, o personal na pag-unlad, malinaw na ang pananaw ay may impluwensiya sa kung paano hinuhubog at pinagyayaman ang kasanayan. Gayundin, habang napapaunlad ang isang kasanayan, maaaring mabago o mas lalong tumibay ang pananaw ng isang indibidwal. Sa ganitong dahilan, layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang ugnayan ng pananaw at kasanayan, at kung paanong ang interaksyon ng dalawang ito ay nakaaapekto sa pagganap at tagumpay ng mga mag-aaral sa kanyang larangan.

**Talahanayan 4**
*Kaugnayan ng pananaw ng social media at Kakayahan sa wikang Filipino*

| Baryabols | Spearman rho | df | P value |
|---|---|---|---|
| **Pananaw ng social media at Kakayahan sa wikang Filipino** | **0.777** | 148 | <.001 |

Batay sa resulta ng Spearman correlation, makikita na may positibo at napakataas na ugnayan sa pagitan ng pananaw at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng social media para sa pagkatuto ng wikang Filipino, na may Spearman rho na 0.777. Ang ugnayang ito ay statistically significant batay sa p-value na <.001, na nangangahulugang hindi ito nagkataon lamang. Ibig sabihin, habang tumataas ang positibong pananaw ng mga mag-aaral sa social medya bilang kasangkapan sa pagkatuto ng wika, tumataas din ang antas ng kanilang kakayahan sa paggamit nito.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay mahalagang salik sa paglinang ng kanilang kakayahang gamitin ang social media sa pagkatuto ng wikang Filipino. Kung may tiwala, kasiyahan, at interes ang mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiyang ito, mas malaki ang posibilidad na kanilang paunlarin ang kanilang kasanayang pangwika. Kaya't mahalaga para sa mga guro at tagapagpatupad ng kurikulum na palakasin ang positibong karanasan ng mga mag-aaral sa social media, sa pamamagitan ng makabuluhang nilalaman, gabay sa paggamit, at integrasyon sa pagtuturo. Ang ganitong hakbang ay makatutulong hindi lamang sa pagpapaunlad ng wika kundi sa mas epektibong pagkatuto sa digital na panahon

**Talahanayan 5**
Ugnayan ng Paggamit ng ChatGPT at Kasanayan sa Paggawa ng Sanaysay sa Asignaturang Filipino

| Pair of Variables | Computed rho | p-value | Decision |
|---|---|---|---|
| **Kasanayan sa Asignaturang Filipino at …** | | | |
| Tinatayang pakinabanang | 0.063 | .578 | Reject Ho |
| Tinatayang kadalian sa paggamit | 0.036 | .751 | Reject Ho |
| Saloobin | 0.032 | .778 | Reject Ho |
| Intensyon ng pag-uugali na gumamit | 0.019 | .867 | Reject Ho |
| Aktwal na paggamit | 0.124 | .273 | Reject Ho |
| Epektibidad ng paggamit | 0.028 | .805 | Reject Ho |

Sa pagsusuri sa ugnayan ng kasanayan sa asignaturang Filipino sa iba't ibang aspeto ng paggamit ng ChatGPT ayon sa TAM, makikita na ang mga naitalang rho values ay mababa at ang mga p-value ay mas mataas sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05. Ibig sabihin nito, walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa Filipino at ng tinatayang pakinabang, tinatayang kadalian sa paggamit, intensyon ng pag-uugali na gumamit, saloobin, aktwal na paggamit, at epektibidad ng paggamit ng ChatGPT. Dahil dito, tinatanggap na ang null hypothesis ay nagsasaad na walang statistically significant na relasyon ang kasanayan sa Filipino sa mga nasabing aspeto ng paggamit ng ChatGPT. Sa konteksto ng TAM, maaaring ipakahulugan na ang kasanayan sa Filipino ay hindi direktang nakakaapekto sa pananaw o intensyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT bilang teknolohiyang pantulong sa kanilang pag-aaral sa Filipino.

Dahil walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa asignaturang Filipino at ng iba't ibang aspeto ng paggamit ng ChatGPT ayon sa TAM, ipinapahiwatig nito na ang kasanayan sa Filipino ay hindi pangunahing salik na nakakaapekto sa pagtanggap o paggamit ng ChatGPT ng mga mag-aaral. Kaya malayang gamitin ng mga mag-aaral ang ChatGPT kahit ano pa man ang kanilang kasanayan sa Filipino, dahil ang teknolohiyang ito ay may potensyal na maging kapaki-pakinabang na pantulong sa pag-aaral ng Filipino para sa lahat, anuman ang antas ng kasanayan nila.

Para sa mga guro at tagapamahala ng edukasyon, mahalagang isaalang-alang ang pagbibigay ng

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 | 324

sapat na pagsasanay o pag-aangkop tungkol sa paggamit ng teknolohiya tulad ng ChatGPT, hindi lamang nakasentro sa kasanayan sa asignatura, kundi sa paglinang ng kakayahan sa paggamit ng teknolohiya upang mas mapalawak ang pagtanggap at epektibong paggamit nito.

Bukod dito, maaaring kailanganin pang tuklasin ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa pagtanggap at paggamit ng ChatGPT, tulad ng paniniwala sa kapakinabangan, teknolohikal na kasanayan, o saloobin sa teknolohiya, upang mas maunawaan kung paano mas mapapabuti ang paggamit ng ganitong uri ng kagamitan sa edukasyon.

Sa kabuuan, inilalahad ng resulta na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino ay maaaring hindi hadlang sa kasanayan ng asignatura, at mas mahalaga ang pagpapalakas ng digital literacy at tamang gabay sa paggamit ng mga makabagong kasangkapan sa pag-aaral.

**Konklusyon**


Ang kabanatang ito ay magpapakita ng buod, mga natuklasan, konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral. Ang mga datos na nakuha mula sa mga mag-aaral na gumaganap bilang mga respondente ng pag-aaral. Ang mananaliksik ay humantong sa rekomendasyon para sa posibleng awtput batay sa nakuhang resulta ng pag-aaral.

Batay sa mga natuklasan, nagkakaroon ng positibong saloobin ang mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT, na nagbubukas ng mas malawak na oportunidad para sa mas mataas na produktibidad at kalidad ng pagsusulat. May mataas na antas ng intensyon ang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang paggamit ng ChatGPT bilang katuwang sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsusulat. Sa kabila ng benepisyong dulot ng ChatGPT, nananatili ang pangangailangan ng patnubay ng mga guro upang matiyak na ang paggamit nito ay naaayon sa etikal na pamantayan at nagpapalakas sa sariling kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng sariling akda.

**Rekomendasyon**

Bilang bunga ng mga natuklasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. **Para sa mga Guro at Tagapagsanay.** Magpatupad ng mga programa sa pagsasanay na magtuturo ng tamang paggamit ng AI tools gaya ng ChatGPT, na may diin sa balanse ng teknolohikal na suporta at paglinang ng sariling kasanayan sa pagsusulat.
2. **Para sa mga Institusyong Pang-edukasyon.** Isama ang mga moderno at makabagong kasangkapan sa pagsusulat tulad ng ChatGPT sa kurikulum, subalit tiyakin ang integrasyon ng mga panuntunang etikal sa wastong paggamit ng teknolohiya.
3. **Para sa mga Mag-aaral.** Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang ChatGPT bilang katuwang sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan, ngunit panatilihin ang aktibong pag-iisip, orihinalidad, at kritikal na pagsusuri sa bawat awtput na nagmumula sa teknolohiya.
4. **Para sa mga Mananaliksik sa Hinaharap.** Isagawa ang mas malalawak na pag-aaral upang tukuyin ang pangmatagalang epekto ng paggamit ng ChatGPT sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, pati na rin ang posibleng mga hamon at panganib na dulot ng labis na pagdepende sa teknolohiya.




**Rasyonale**

Sa kasalukuyang panahon, mahalaga ang paggamit ng teknolohiya bilang kasangkapan sa pagkatuto. Ang ChatGPT ay isang makabagong AI tool na maaaring makatulong sa mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng pagsulat, tulad ng paggawa ng sanaysay at iba pang anyo ng panitikan. Gayunpaman, dahil marami sa mga mag-aaral ang hindi pa sanay o hindi alam kung paano ito gamitin nang maayos, kinakailangan silang maturuan ng tamang proseso upang magamit nila nang wasto at epektibo ang ChatGPT bilang isang pantulong sa pagbuo ng mga ideya, organisasyon, at paglalahad ng kanilang mga gawain,

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 


aktibidad at kasanayan sa pagsulat. Sa pamamagitan ng tamang gabay, mas mapapalakas ang kanilang kakayahan sa pagsulat at mapapabuti ang kanilang pag-unawa sa asignaturang Filipino na magagamit nila sa hinaharap.

**Layunin**

Pagkatapos ng pagsasanay na ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay:

1. Maiintindihan ang mga pangunahing katangian at gamit ng ChatGPT bilang isang kagamitan sa pagsulat.
2. Magagamit nang wasto ang ChatGPT para makatulong sa paggawa ng sanaysay at maiwasan ang maling paggamit nito tulad ng plagiarism.
3. Makabubuo ng isang simpleng burador ng sanaysay gamit ang mga mungkahi mula sa ChatGPT.



INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 | 326

**Pagsulat ng draft ng Sanaysay**

- Gamitin ang balangkas at mga ideyang nakuha mula sa ChatGPT bilang gabay sa pagsulat ng unang draft.
- Ipaliwanag na dapat pa ring magsulat ng sarili upang maipakita ang sariling paninindigan.


**Paf-eedit at pagproofread**

- Turuan silang basahin muli ang kanilang sanaysay para sa wastong gamit ng salita, gramatika, at lohika.
- Maaring gamitin ang ChatGPT para sa pag-check ng grammar o paghingi ng suhestiyon sa pag-improve ng teksto.

**Responsable ng paggamit ng ChatGPT**

- Paalalahanan na huwag basta-basta kopyahin ang sagot nang walang sariling pagsasaayos.
- Ituro ang kahalagahan ng pagiging orihinal at pagbanggit ng pinanggalingan ng ideya kung kinakailangan.

**Narito ang ilang mungkahi sa pagbuo ng Sanaysay gamit ang ChatGPT:**



**AKTIBITI 1:**
**Pagsasanay sa Pagbuo ng Balangkas**

- ***Layunin:*** Matutunan ng mga mag-aaral kung paano humingi ng tulong sa ChatGPT sa paggawa ng balangkas ng sanaysay.

**AKTIBIDAD 2:**
**Pagsulat ng Draft gamit ang ChatGPT**

- **Layunin:** Magsanay ang mgamag-aaral sa paggawa ng unang burador ng sanaysay gamit ang mga ideyang nakuha mula sa ChatGPT.

**AKTIBIDAD 3:**
**Pag-edit at Pagpapabuti ng Sanaysay**

- Layunin: Maunawaan ang kahalagahan ng pag-edit at pagpapabuti ng sariling gawa gamit ang ChatGPT.

**MGA SANGGUNIAN**

Aloraini, Sarah 2012. The impact of using multimedia on students' academic achievement in the College of Education at King Saud University.Thesis.

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. The International Journal of Education, Management and Social Sciences, 3(1).

Cavan Jr, W. (2021). Ang Tagapamagitang Epekto Ng Teknolohiya Sa Pagtuturo at Pagkatuto sa Ugnayan Ng Kahandaan sa Pagsanib ng Ict at Kognitibong Pagganap Ng Mga Guro (The Mediating Effect of Technology in Teaching and Learning in the The Relationship between Teacher Readiness in Using ICT and Cognitive Performance).

Cayamanda, C. (2022). SCAMPER: Skywalk. Available at SSRN 4089663.

Chavez, R. C. (2022). Integrasyon ng ICT sa pagtuturo ng panitikan sa ilalim ng new normal. (Tesis sa Masteral: Department of Education Schools Division of Nueva Ecija).

Che Siti Lazrina Md Lazim, Nur Diyana Ismail & Mohd Danial Afiq Khamar Tazilah. (2021).

Application of Technology Acceptance Model (TAM) towards online learning during COVID-19 pandemic: Accounting students' perspective. International Journal of Business, Economics, and Law, 24(1). 13-20. https://www.researchgate.net/ publication/349214593_application_of technology_acceptance_model_tam_towards_ online_learning_during_covid19_pandemic accounting_students_perspective

DepEd. (2018). The Developing 21st Century Teacher's through the Utilization of Technology Based Instruction. Department of Education.

Diola, Jerica & Allado, April & Garcia, Chrizley & Logarto, Marc & Balderian, Annabelle. (2025). Antas ng Kasanayan ng mga Guro sa Filipino sa Paggamit ng Teknolohiya Pagbuo ng Manwal sa Kagamitang Teknikal. International Journal of Research Studies in Education. Volume 14. 47-66.

Granberg, Ellen M. 2000. "How Technology Enhances Teaching and Learning." CFT's newsletter. Teaching Forum.

Venkatesh, V., Thong, J. Y., & Xu, X. (2016). Unified theory of acceptance and use of technology: A synthesis and the road ahead. Journal of the association for Information Systems, 17(5), 328-376.

Wu, W., Zhang, B., Li, S., & Liu, H. (2022). Exploring factors of the willingness to accept AI assisted learning environments: An empirical investigation based on the UTAUT model and perceived risk theory. Frontiers in Psychology, 13(3), 78-81. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.870777

Yuan-Hsuan Lee etal. 2011. "Revisit the Effect of Teaching and Learning with Technology," Institute of Education, National Chiao Tung University, Hsinchu City 300, Taiwan naakses noong Mayo, 2016.